Karahasan sa Tahanan/Pamilya at Batas Pang-imigrasyon ng Australia

Isang gabay sa batas

Ang buklet na ito ay nilikha ni Suhad Kamand, Direktor at Prinsipal na Abugado ng Immigration Advice and Rights Centres Inc., at Patnugot/Kasamang May-akda ng *The Immigration Kit, ika-8 Edisyon,* isang simpleng gabay sa wikang Ingles ukol sa Imigrasyon sa Australia, batas ukol sa refugee at pagkamamamayan.

Ang pagsasaling-wika ng buklet na ito sa lahat ng wikang hindi Ingles ay bunga ng suporta at pagpopondo ng Office For Women's Policy, Kagawaran ng Premier at Gabinete ng NSW.

Ang karikatura sa pabalat ay likha ni Greg Gaul

MAHALAGA!

Ang impormasyong nakapaloob sa buklet na ito ay angkop sa kasalukuyan mula ika - 12 ng Enero 2009, at naglalayong magbigay ng gabay kung paano haharapin ang mga implikasyon ng batas pang-imigrasyon ukol sa karahasan sa tahanan/pamilya. Ang buklet na ito ay dapat lamang gamitin bilang isang gabay at hindi dapat gamitin bilang kapalit ng propesyonal na pagpapayo mula sa may kakayahan at rehistradong ahente ng migrasyon. Maraming mambabasa ng buklet na ito ang maaaring mahirapan sa pag-intindi ng ilang bahagi nito. Hinihikayat namin ang mga mambabasang ito na naninirahan sa New South Wales na tumawag sa Immigration Advice and Rights Centre Inc. sa (02) 9279 4300 kung kailangan nila ng karagdagang payo at tulong. Ang mga mambabasa mula sa ibang estado na nangangailangan ng tulong pang-imigrasyon ay dapat tumawag sa kanilang lokal na komisyon ng tulong pambatas, o sa Pambansang Asosasyon ng Pangkomunidad na mga Sentrong Pambatas (National Association of Community Legal Centres) sa (02) 9264 9595 upang mahanap ang kanilang pinakamalapit na pangkomunidad na sentrong pambatas.

IARC

Immigration Advice and Rights Centre Inc.

ABN: 45 808 320 822
Community Legal Centre, established in 1986

Level 5, 362 Kent Street Sydney NSW 2000
Ph: +61 2 9279 4300 (Admin Line, 9-5pm)
+61 2 9262 3833 (Advice Line, Tues & Thurs 2-4pm)
Fax: +61 2 9299 8467
Email: iarc@iarc.asn.au
Web: www.iarc.asn.au

Nilalaman

1. Ano ang mga probisyon para sa Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya sa Batas Pang-imigrasyon ng Australia? 3

2. Sa anong mga uri ng visa naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya? 4

3. Ang konteksto kung saan naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya 5

3.1 Ang mga yugto sa pagpoproseso ng partner visa 6

3.2 Pag-aaplay ng mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya 8

4. Tunay na Relasyon 10

5. Sino ang maaaring tawaging biktima o tinatawag na ‘alleged victim’? 10

6. Sino ang maaaring tawaging may pananagutan o tinatawag na ‘alleged perpetrator’? 10

7. Kung ang aplikante ay nakatira pa sa sponsor/alleged perpetrator' 11

8. Mga tungkulin ng aplikante kung natapos ang relasyon 11

9. Pagpapatunay ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya - ang itinuturing na mga probisyon 11

9.1 Katibayan Panghukuman 12

9.2 Katibayang hindi Panghukuman 12

9.3 ‘Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Nauugnayna Karahasan sa Pamilya’ 13

9.4 Sino ang may kakayahang tao o tinatawag na 'competent person'? 14

9.5 Ano ang nararapat na kabilang sa mga deklarasyong naaayon sa batas 14

9.6 Statutory Declaration Form (*Form 1040*) 16

9.7 Rekord ng Pulisya ukol sa 'assault' 16

10. Kung napatunayan ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya 16

11. Kung napatunayan angf DV/FV is not proven 16

12. Independiyenteng pagtatasa ng mauugnay na 'Karahasan sa Tahanan/Pamilya' 17

13. Saan Makakakuha ng Tulong 17

13.1 Kaligtasan, Bahay kanlungan/Tulong Panglengguwahe 18

13.2 Libreng tulong ukol sa batas pang-imigrasyon kaugnay sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya 18

13.3 Pangkalahatang tulong Pambatas 19

13.4 Mga Pambansang Linyang Pantulong 19

13.5 Mga Kagawaran ng Pamahalaan 20

Karahasan sa Tahanan/Pamilya (DV/FV[1]) at Batas Pang-imigrasyon sa Australia

Estadistika/Maikling Pagtatasa

Ayon sa 2007-8 na Taunang Ulat ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ('Kagawaran') ipinakikita sa estadistikang may kaugnayan sa mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya na:

- May 502 mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya ang ginawa sa kabuuang bansa (sa konteksto ng imigrasyon).
- Sa petsang 30 Hunyo 2008 may 74 na mga reperal sa Centrelink (para sa independiyenteng pagtatasa ng mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya) mula sa DIAC, kumakatawan sa antas na mababa sa 15 porsiyento ng kabuuang bilang ng mga ginawang pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya.
- Sa 61 reperal na natapos ng Centrelink hanggang sa 30 Hunyo 2008, napag-alaman sa 40 kaso na may naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya at napag-alaman sa 21 kaso na walang naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya.
- Sa karagdagang 49 na mga reperal sa Centrelink mula sa Migration Review Tribunal, napag-alaman sa 19 na kaso na may naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya, at napag-alaman sa 26 na kaso na walang naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya.
- Sa antas ng Kagawaran, tinatantiyang 65% ng mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa anumang pinansyal na taon ang nagresulta sa pagkakaloob ng permanenteng visa (batay sa pagtugon sa lahat ng ibang pamantayang pambatas na may kaugnayan sa kanilang visa subclass).

Sa konteksto ng pangkalahatang programa ng migrasyon ng Australia, ang bilang ng mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay tunay na napakaliit. Habang ito ay maaaring ituring na positibo bilang katibayan ng di-gaanong pag-abuso sa mga probisyon, ito ay nagpapakita rin ng mga alalahanin na ang pinakamadaling maapektuhang mga kalahok sa programa ng migrasyon sa Australia ay maaaring hindi nakababatid na may umiiral na mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan. Ang impormasyong ito ay nakalaan upang magbigay ng kaalaman ukol sa batas pang-imigrasyon, at upang magbigay ng gabay kung paano gumagana ang mga probisyong iyon.

1. Ano ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya sa Batas Pang-imigrasyon ng Australia?

Makikita sa Division 1.5 (regs 1.21 -1.27) ng *Migration Regulations*, ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay itinuturing na lubhang kailangang mga probisyon (basahin ang Tsapter 9) na nagpapasiya kung may naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa ilalim ng batas pang-imigrasyon ng Australia. Kung naganap ito at naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa visa na inaplayan/hinahawakan (basahin ang Tsapter 2 at 3), ang nag-aaplay/may

[1] Sa mga aplikasyon para sa visa na inilagak sa mismong araw o matapos ang petsang 15 Oktubre 2007, naangkop ang mas bagong katawagan at pakahulugan ng 'Karahasan sa Pamilya'. Sa mga aplikasyon para sa visa na inilagak sa mismong araw o matapos ang petsang 15 Oktubre 2007, naaangkop ang mas lumang katawagan at pakahulugan ng 'karahasan sa tahanan'. Ang mga konseptong ito ay higit na tinalakay sa 9.3.

hawak ng visa ay maaaring makakuha ng permanenteng paninirahan kahit natapos na ang relasyon kung saan ang pagkakaloob ng visa ay karaniwang nakabatay.

Ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay naglalayong matulungan ang mga biktima ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya na makakuha ng permanent visa, na mga aplikante din para sa tinatawag na mga 'prescribed visa' upang sa gayon ay hindi na sila kailangang umasa sa mapang-abusong kapartner o manatili sa mapang-abusong relasyon upang maging permanenteng residente.

Ang pagpapatunay na may naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa ilalim ng *Migration Regulations* ay hindi nagreresulta sa o kinakailangang magkaroon ng pagpapatunay ng krimen o paghatol laban sa tinatawag na may pananagutan sa karahasan.

2. Sa anong mga uri ng visa naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya?

Sa kasalukuyan, ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay naaangkop lamang para sa sumusunod na visa subclasses:

Numero ng Visa Subclass ('sc')	Pangalan ng Visa Subclass
100	Spouse (permanent offshore) - Asawa (aplikasyon sa labas ng bansa para sa permanent visa)
110	Interdependency (permanent offshore) (aplikasyon sa labas ng bansa para sa permanent visa - karaniwang mga relasyon ng kaparehong kasarian)
445	Dependent Child (Umaasang Anak)
801	Spouse (permanent onshore) - Asawa (aplikasyon sa bansa para sa permanent visa)
814	Interdependency (permanent – onshore) (aplikasyon sa bansa – para sa permanent visa - karaniwang mga relasyon ng kaparehong kasarian)
820	Spouse (temp onshore) - Asawa (aplikasyon sa bansa para sa temporary visa)
826	Interdependency (temp – onshore) (aplikasyon sa bansa para sa temporary visa - karaniwang mga relasyon ng kaparehong kasarian)
845	Established Business in Australia (Matatag na Negosyo sa Australia)
846	State/Territory-Sponsored Regional Established Business in Australia (Pangrehiyong Matatag na Negosyo sa Australia – Inisponsor ng Estado/Teritoryo)
855	Labour Agreement (Kasunduan sa Trabaho)
856	Employer Nomination Scheme (Panukalang Nominasyon ng Tagapag-empleyo)
857	Regional Sponsored Migration Scheme (Panukalang Migrasyon na Inisponsor ng Rehiyon)
858	Distinguished Talent (Bantog na Talento)

May ilang mga pagkakaiba kung paano naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa bawat uri ng visa. Ang publikasyong ito ay pangunahing nagpopokus sa kung paano gumagana ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa konsteksto ng partner visa – ang pinakakaraniwang visa kung saan nakapailalim ang mga ginawang pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa Batas Pang-imigrasyon ng Australia.

3. Ang konteksto kung saan naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Karahasan sa Pamilya

Sa ilalim ng batas pang-migrasyon ng Australia, ang mga partner visa ay karaniwang ipinagkakaloob sa 2 o 3 yugto (tingnan ang 3.1 sa ibaba). Pangkaraniwan, ang pagkakaloob ng permanent visa ay ang huling yugto ng pagpoproseso ng visa. Kung natapos ang relasyon kung saan ang pagiging karapat-dapat para sa visa ay nakabatay bago ipagkaloob ang permanent visa, pangkaraniwan, maaari lamang ipagkaloob ang permanent visa kung naaangkop ang (a) (b) o (c) na nasa ibaba. Tandaan na kung naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ngunit naaangkop din ang (b) o (c), maaaring maging mas madaling patunayan ang (b) o (c) sa halip na magsikap na umasa sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Kinakailangan lamang na patunayan na naganap ang isa sa (a), (b) o (c).

(a) **Ang relasyon ay natapos at may naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya.**

O

(b) **Ang relasyon ay natapos at namatay ang nag-isponsor na asawa** - Upang mabigyan ng permanent visa batay sa pagkamatay ng nag-iisponsor na asawa, ang tagagawa ng desisyon ay kailangang masiyahan na ang relasyon sa pagitan ng aplikante at isponsor ay nagpatuloy sana kung hindi namatay ang nag-iisponsor na asawa. Kung may katibayan na naputol ang relasyon bago mamatay ang nag-iisponsor na asawa, ang pamantayang ito ay hindi matutugunan.

Ang aplikante ay karaniwang kailangang magpakita din na sila ay nakapagpaunlad ng, ibig sabihin, 'nagbuo o nagpalakas' ng malapit na mga ugnayang pangnegosyo, pangkultura o pansarili sa Australia. Ang patakarang Pangkagawaran ay nagbibigay ng sumusunod na gabay:

- Ang **mga ugnayang pangnegosyo** ay maaaring nasa anyo ng pagkakaroon ng ari-arian o pakikipagnegosyo sa mga Australiano. Ang nauukol na pagtatasa kung ang ugnayan ay 'malapit' ay ang malamang na epekto ng desisyon ng pagtanggi batay sa ugnayang pangnegosyo.
- Kabilang sa mga **ugnayang pangkultura** ngunit hindi limitado sa sining, musika at literatura, ang uri at saklaw ng pakikilahok ng aplikante sa katulad na mga gawaing pangkultura.
- Ang **mga ugnayang pansarili** ay may kaugnayan sa malapit na mga pamilya at kaibigan, at ang uri at saklaw ng mga ugnayang panlipunan ng aplikante sa Australia.

O

(c) **Ang relasyon ay natapos at may kasangkot na mga anak -** Kung natapos ang relasyon bago ipagkaloob ang permanent residence at may kasangkot na mga anak,

ang may hawak na visa/aplikante ay maaaring manatiling karapat-dapat para sa pagkakaloob ng permanent visa. Ang sumusunod na mga uri ng katibayan ay kailangang ibigay sa Kagawaran ukol sa mga planong may kinalaman sa mga anak:

- pagpapahayag na naaayon sa batas (statutory declaration) mula sa bawat magulang, nagsasaad na sila ay gumawa ng impormal na kasunduan at nagsasaad ng uri ng nasabing kasunduan batay sa kanilang mga tungkulin bilang mga magulang; at/o
- isang kautusan ng pagpapahintulot na ginagawang pormal ang kasunduan sa pagitan ng mga magulang,
    - na may parehong puwersang pambatas na tulad ng kung ito ay ginawa ng isang hukom; o
    - kautusan sa pagiging magulang na ginawa sa ilalim ng section 64B(1) ng *Family Law Act 1975*.

Tandaan, gayunpaman**,** na ang patakaran sa itaas ukol sa mga anak ay maaaring maging napakahigpit na paraan kung isasaalang-alang ang kaso sa Pederal na Hukuman ni *Srour v MIMA* [2006] FCA 1228 kung saan epektibong napatunayan na ang magulang ay may nauugnay na mga tungkulin bilang magulang sa kaniyang anak sa pamamagitan ng pagpapagana ng batas maliban kung maaaring magpakita ng katibayan na ang nasabing mga tungkulin ay binaligtad, gaya halimbawa ng kautusan sa hukuman.

3.1 Ang mga yugto sa pagpoproseso ng partner visa

Karaniwang nagaganap ang pagpoproseso ng partner visa sa loob ng 2 o 3 yugto (ibig sabihin, may 2 o 3 yugto na nakapaloob sa pagtatamo ng permanent residency). Sa limitadong mga kalagayan maaaring ipagkaloob ang permanent visa sa isang yugto[2].

Ang 3 Yugtong Proseso

Fiancé Visa sc 300	➔	**Temporary Spouse Visa sc 820**	➔	**Permanent Spouse Visa sc 801**

*** Tandaan: 'sc' = Subclass**

Para sa 3 yugtong proseso:

1. Ang Fiancé visa ay karaniwang ipinagkakaloob para sa loob ng 9 na buwan. Sa loob ng 9 na buwang iyon ang may hawak na visa ay kinakailangang pumasok sa Australia at magpakasal sa sponsor.

2. Kapag nakasal ang mag-asawa, ang may hawak na Fiancé visa ay naglalagak ng tinatawag na

[2] Kabilang sa mga kalagayan kung saan maaaring ipagkaloob ang permanent visa sa isang yugto, ibig sabihin, na hindi kinakailangan ng aplikante para sa visa na magkaroon ng temporary partner visa sa loob ng 2 taon ang:

- Ang temporary visa ay ipinagkaloob batay sa kalagayang ang aplikante ay asawa ng isang may hawak na humanitarian visa at na idineklara ng sponsor ang relasyon bilang mag-asawa sa Kagawaran bago ipagkaloob ang humanitarian visa. Ang iksemsiyong ito ay naangkop lamang sa mga aplikante para sa visa na sakop ng subclass 309/100, at hindi sa mga aplikanteng sakop ng subclass 820/801.
- Ang relasyon ay pangmatagalan, ibig sabihin, ang relasyon ng mag-asawa ay nagpatuloy nang hindi bababa sa limang taon, o dalawang taon kung sila ay may sinumang umaasang mga anak mula sa kanilang relasyon (hindi kabilang ang mga anak sa unang asawa). Ang pangangailangang ito ay dapat matugunan sa oras na inilagak ang aplikasyon para sa visa.

'onshore spouse application' (subclass 820/801). Ang aplikasyon ay parehong para sa permanent at temporary spouse visa. Kung naging matagumpay, karaniwang ipinagkakaloob ang temporary spouse visa na tatagal sa loob ng dalawang taon. Kung natapos ang relasyon bago maipagkaloob (o mailagak) ang temporary visa, maaari lamang ipagkaloob ang visa kung naaangkop ang isa sa mga eksepsiyong nakalista sa Tsapter 3 na nasa itaas (ibig sabihin, pagkamatay ng sponsor, pagkakaroon ng anak, o naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya).

3. Matapos na mahawakan ng visa holder ang temporary spouse visa sa loob ng halos dalawang taon, muling tatasahin ng Kagawaran ang relasyon kung saan nakabatay ang visa, at kung ito ay nananatiling patuloy, karaniwan ay ipinagkakaloob ang permanent spouse visa (kung natugunan ang pamantayan sa kalusugan, pagkatao at iba pang Pamantayan ng Pampublikong Interes). Kung natapos ang relasyon, maaari lamang ipagkaloob ang permanent visa kung naaangkop ang isa sa mga eksepsiyong nakalista sa Tsapter 3 na nasa itaas (ibig sabihin, pagkamatay ng sponsor, pagkakaroon ng anak, o naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya).

Ang 2 Yugtong Proseso

Temporary Partner Visa	➔	Permanent Partner Visa
(spouse onshore) (nasa bansa ang asawa)		
sc820	➔	sc801
(spouse offshore) (nasa labas ng bansa ang asawa)		
sc309	➔	sc100
(interdependency onshore)(interdependency – nasa bansa ang partner)		
sc826	➔	sc814
(interdependency offshore) (interdependency - sa labas ng bansa ang partner)		
sc310	➔	sc110

Para sa 2 yugto ng proseso:

1. Ang partner application ay maaaring ilagak ng aplikante para sa visa na maaaring nasa loob (onshore) o nasa labas (offshore) ng Australia. Ang aplikasyon ay parehong para sa permanent at temporary partner visa. Kung naging matagumpay, karaniwang ipinagkakaloob ang temporary partner visa na tatagal sa loob ng dalawang taon. Kung natapos ang relasyon matapos na mailagak ang aplikasyon ngunit bago maipagkaloob ang visa at ang aplikasyon ay isang 'onshore', maaari lamang ipagkaloob ang visa kung naaangkop ang isa sa mga eksepsiyong nakalista sa Tsapter 3 na nasa itaas (ibig sabihin, pagkamatay ng sponsor, pagkakaroon ng anak, o naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya), kung saan ang ipagkakaloob ay ang permanent visa.

2. Matapos ang pagkakaroon ng temporary partner visa nang halos dalawang taon, muling tatasahin ng Kagawaran ang relasyon, at kung ito ay nananatiling patuloy, ay dapat ipagkaloob ang permanent spouse visa (kung natugunan ang pamantayan sa kalusugan, pagkatao at iba pang Pamantayan ng Pampublikong Interes). Kung natapos ang relasyon, maaari lamang ipagkaloob ang permanent visa kung naaangkop ang isa sa mga eksepsiyong nakalista sa Tsapter 3 na nasa itaas (ibig sabihin, pagkamatay ng sponsor, pagkakaroon ng anak, o naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya).

3.2 Pag-aaplay ng mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya

Nagkakaiba-iba ang paraan kung paano naangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa lahat ng mga visa subclass. Mahalagang tandaan na sa lahat ng mga kaso, kailangang magkaroon ng isang tunay na relasyon bilang asawa/de facto/interdependent (alinman ang naaangkop) sa ilang bahagi ng proseso ng aplikasyon upang maging angkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Nasa ibabang talaan ang buod ng paraan kung paano naangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa lahat ng mga visa subclass.

	Visa Subclass (sc)	Kailan tinatasa ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/ Pamilya	Kanino naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya	Sino ang kailangang dumanas ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya
1	820 Spouse (Asawa)	Panahon ng aplikasyon para sa visa	Ang mga aplikante para sa sc820 visa na may hawak o humawak ng sc300 visa at nagpakasal sa nag-iisponsor na asawa. Kung naging matagumpay, ang aplikante para sa visa ay pagkakalooban ng permanent sc801 visa.	• ang aplikante; a/o • isang miyembro ng pamilya ng aplikante na gumawa ng pinagsamang aplikasyon kasama ang aplikante, at/o • isang umaasang anak ng nag-iisponsor na asawa o ng aplikante o ng pareho sa kanila; ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. (**cl 820.211 (8) & (9) (d) of the *Mig Regs***)
2	820 Spouse (onshore temp) – Asawa (nasa bansa – temp)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang lahat ng mga aplikante para sa sc820/801 visa na na hindi nakapaloob sa unang kategorya ng talaang ito. Kung naging matagumpay, ipagkakaloob ang permanent spouse sc801 visa.	• ang aplikante; a/o • isang umaasang anak ng nag-iisponsor na asawa o ng aplikante o ng pareho sa kanila; ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. (**cl 820.221(3)(b)(i)**)
3	801 Spouse (onshore perm) - Asawa (nasa bansa – perm)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang lahat ng mga aplikante para sa sc801 visa. Ang aplikante para sa visa ay kailangang may hawak na subclass 820 temporary spouse visa	• ang aplikante; a/o • isang umaasang anak ng nag-iisponsor na asawa o ng aplikante o ng pareho sa kanila; ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. **(cl 801.221(6)(c)(i)**)
4	100 Spouse (offshore perm) Asawa (nasa labas ng bansa – perm)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang lahat ng mga aplikante para sa sc100 visa, gayunpaman, ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay kailangang naganap matapos ang unang pagpasok ang aplikante sa	• ang aplikante; a/o • isang miyembro ng pamilya ng nag-iisponsor na asawa o ng aplikante o ng pareho sa kanila;

			Australia bilang isang may hawak na sc309 visa. Pangkaraniwan kailangang patuloy nilang hawak ang visang iyon sa panahong tinatasa ang aplikasyon ayon sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.	ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. **(cl 100.221(4)(c)(i))**
5	826 Interdependency (onshore temp) – (nasa banasa temp)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang lahat ng mga mga aplikante para sa sc826 visa. Kung naging matagumpay, ang aplikante para sa visa ay pagkakalooban ng permanent visa.	• ang aplikante; a/o • isang umaasang anak ng sponsor o ng aplikante; ay dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. **(cl 826.221(4)(b)**
6	814 Interdependency (onshore perm) – (nasa bansa perm)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang mga aplikante para sa sc814 visa na mayroon ng sc826 temporary interdependency visa	• ang aplikante; a/o • isang umaasang anak ng sponsor o ng aplikante; ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. **(cl 814.221 (8)(c))**
7	110 Interdependency (offshore perm) – (nasa labas ng bansa perm)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang lahat ng mga mga aplikante para sa sc110 visa, gayunpaman, ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay kailangang naganap matapos ang unang pagpasok ang aplikante sa Australia bilang isang may hawak na sc310 visa. Pangkaraniwan kailangang patuloy nilang hawak ang visang iyon sa panahong tinatasa ang aplikasyon ayon sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.	• ang aplikante; a/o • isang miyembro ng pamilya ng sponsor o ng aplikante; ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa. **(cl 110.221(4)(c)**)
8	445 Dependant Child (Umaa-sang Anak)	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang aplikante para sa sc 445 visa ay maaaring umasa sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya kung natapos ang relasyon sa pagitan ng magulang na may hawak na visa at ng sponsor ng magulang na iyon at ang magulang na may hawak na visa ay humiling ng konsiderasyon para sa sc 100, 110, 814 o 801 visa sa ilalim ng mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.	
9	845/ 846/ 855/ 856/ 857/ 858	Panahon ng desisyon para sa visa	Ang pangalawang aplikante para sa visa ay maaaring umasa sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya kung • Ang pangalawang aplikante ay asawa ng pangunahing aplikante; at • natapos ang relasyon sa pagitan ng panglawang aplikante at pangunahing aplikante	• the secondary applicant; and/or • a member of the family unit of the secondary applicant who has made a combined application with the primary applicant; and/or • a dependent child of the applicant or of the primary applicant ay kailangang dumanas ng karahasan sa pamilya na ginawa ng nag-iisponsor na asawa.

Mahalagang Tala! Sa mga kategoryang 1-8 na nakalista sa talaang nasa itaas, ang tinatawag na alleged perpetrator o may pananagutan ay nararapat na ang nag-iisponsor na kapartner. Sa kategorya 9, ang tinatawag na alleged perpetrator o may pananagutan ay nararapat na ang pangunahing aplikante.

4. Tunay na Relasyon

Para sa lahat ng mga aplikasyon para sa partner visa kung saan may kaugnayan ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya, kailangan ay nagkaroon ng tunay na relasyon sa asawa/de facto/interdependency (alinman ang naaangkop) sa ilang bahagi ng proseso ng aplikasyon para sa visa (karaniwan sa panahon ng aplikasyon) upang maging angkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Kung napatunayan na hindi nagkaroon ng tunay na relasyon sa hinirang na panahon sa proseso ng aplikasyon para sa visa, ang tagagawa ng desisyon ay walang pananagutang ikonsidera kung naganap man o hindi ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

5. Sino ang maaaring tawaging biktima o tinatawag na 'alleged victim'?

Ang tinatawag na biktima ay maaari lamang na isa sa sumusunod na mga tao (reg 1.23(2)):

- ang asawa ng tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan; o
- isang umaasang anak ng:
  - ⇒ tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan; o
  - ⇒ asawa ng tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan; o
  - ⇒ parehong tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan at ng asawa; o
  - ⇒ isang taong nasa relasyong 'interdependent' kasama ang tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan; o
- isang miyembro ng pamilya ng asawa ng tinatawag na 'alleged perpetrator' o may pananagutan.

Bilang dagdag dito, binibigyang-pakahulugan ng bawat visa subclass kung sino ang dapat na 'dumanas' ng Karahasan sa Tahanana/Pamilya (tingnan ang talaan sa 3.2 sa itaas).

6. Sino ang maaaring tawaging may pananagutan o tinatawag na 'alleged perpetrator'?

Sa mga kaso ng partner visa, ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay kailangang ginawa 'ng nag-iisponsor na asawa' o ng nag-iisponsor na interdependent partner. Kung gayon, ang nag-iisponsor na asawa/partner ang kailangang siyang may pananagutan o tinatawag na alleged perpetrator. Nangangahulugan ito na anumang ebidensyang isinumite upang patunayan ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay kailangang tukuyin ang nag-iisponsor na asawa/partner bilang may pananagutan o tinatawag na alleged perpetrator. Ang katibayan, gaya halimbawa, na nagtutukoy sa kapatid na lalaki ng nag-iisponsor na asawa bilang may pananagutan sa karahasan ay hindi magkukumbinsi sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

Ang mga mambabasa ay dapat maging maalam na ang may pananagutan o tinatawag na alleged perpetrator ay hindi kinakailangang bigyang pakahulugan sa parehong paraan sa lahat ng mga visa subclass kung saan naaangkop ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Gaya halimbawa, kung ang isang tao ay nag-claim ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya bilang pangalawang aplikante para sa Employer Nomination Scheme subclass 856 visa, ang pangunahing aplikante ang kailangang may pananagutan o tinatawag na perpetrator, hindi ang sponsor.

7. Kung ang aplikante ay nakatira pa sa sponsor/'alleged perpetrator'

Ang mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay maaari lamang magkaroon ng epekto kung natapos ang relasyon sa pagitan ng aplikante at ng partner. Kung ang aplikante at ang partner ay patuloy na nagsasama sa paninirahan maaaring maging mahirap (ngunit hindi imposible) patunayan na ang relasyon ay tapos na.

8. Mga tungkulin ng aplikante kung natapos ang relasyon

Sa ilalim ng s104 ng *Batas Migrasyon (Migration Act)* ang mga aplikante para sa visa ay may tungkuling ipagbigay-alam sa Kagawaran ang pagbabago ng mga kalagayan, kabilang ang pagtatapos ng relasyon. Kailangang ipagbigay-alam ng aplikante sa Kagawaran kung nagbago ang kanilang tirahan sa loob ng 14 na araw o higit pa (sa ilalim ng s52(3B) ng Batas).

Ang mga aplikanteng dumanas ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay dapat magbigay-alam sa Kagawaran sa lalong madaling panahon upang maisuspinde ang pagpoproseso ng aplikasyon hanggang sa makakuha ng katibayan ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Dapat ipagbigay-alam ng aplikante sa Kagawaran sa pamamagitan ng sulat ang pagtatapos ng relasyon, ang pag-iral ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya, at anumang pagbabago ng tirahan.

Kung ang aplikante ay hindi kumontak sa Kagawaran at ang Kagawaran ay walang alam na naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya, maaaring tanggihan ang aplikasyon para sa visa, at mahantong sa ilang mga komplikasyong pambatas. O kaya naman, kung sinuman sa sponsor o aplikante ay hindi nagbigay-alam sa Kagawaran at ang visa ay ipinagkaloob batay sa pagpapatuloy ng relasyon maaaring sa bandang huli ay makansela ito.

9. Pagpapatunay ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya – Ang itinuturing na mga probisyon

Sa ilalim ng reg 1.23 ng *Migration Regulations*, ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay 'itinuturing' o tinatanggap na naganap (ibig sabihin, ang tinatawag na biktima o 'alleged victim' ay tinatanggap na dumanas ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya, at ang tinatawag na may pananagutan o 'alleged perpetrator' ay itinuturing na nakagawa ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya kung:

(a) may katibayan sa hukuman na naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya, ibig sabihin:

- ang tinatawag na biktima ay nag-aplay at nakakuha ng 'court injunction' sa ilalim ng paragraph 114(1)(a), (b) o (c) ng *Family Law Act 1975* laban sa may pananagutan o 'alleged perpetrator'; o
- ang hukuman ay gumawa ng kautusan sa ilalim ng batas ng Estado o Teritoryo laban sa may pananagutan o 'alleged perpetrator' para sa proteksyon ng tinatawag na biktima mula sa karahasan at na ang kautusan ay ginawa matapos na mabigyan ng hukuman ang 'alleged perpetrator' ng pagkakataong mapakinggan, o kung hindi naman ay makagawa ng mga pagsusumite sa hukuman, kaugnay ng usapin; o
- hinatulan ng hukuman ang may pananagutan o 'alleged perpetrator' ng, o nakapagtala ng katibayan ng pagkakasala laban sa 'alleged perpetrator' dahilan sa pagkakasalang karahasan laban sa tinatawag na biktima;

O

(b) ang tagagawa ng desisyon nakumbinsi na ang katibayang di-panghukuman (tingnan ang 9.2) ay nagpapatunay na naganap ang 'nauugnay na Karahasan sa Tahanan' o 'nauugnay na Karahasan sa Pamilya' '(tingnan ang 9.3);

O

(c) kailangang tanggapin ng tagagawa ng desisyon ang opinyon ng hinirang na independiyenteng eksperto bilang wasto (sa kasalukuyan ang Centrelink) na ang tinatawag na biktima o 'alleged victim' ay dumanas ng 'nauugnay na karahasan sa Tahanan' o 'nauugnay na Karahasan sa Pamilya' (tingnan ang 12 sa ibaba).

9.1 Katibayang Panghukuman

Sa dahilang may napakalawak na hanay ng mga batas at mga pamamaraan upang makakuha ng ebidensyang panghukuman, imposibleng makagawa ng wastong buod ng nasabing mga pamamaraan sa publikasyong ito. Sa halip, hinihikayat ang mga mambabasa na kumuha ng karagdagang impormasyon at tulong ukol sa puntong ito mula sa naangkop na kwalipikadong mga ahensyang nakalista sa Tsapter 13, gaya halimbawa, ang pangkalahatang komunidad na sentrong pambatas o ang Komisyon ng Tulong Pambatas (Legal Aid Commission).

9.2 Katibayang Hindi Panghukuman

Ang katibayang hindi panghukuman ay maaaring isumite sa delegado ng imigrasyon sa pormang A, B o C na nasa ibaba.

(A) Ang magkasamang pangako o '**joint undertaking'** ng 'alleged victim' at 'alleged perpetrator' na iniharap sa hukuman kung saan may alegasyon ng karahasan. Isinasaad sa patakarang Pangkagawaran na:

Ang mga 'joint undertaking' ay hindi kinasasangkutan ng 'pagkakatuklas' ng mahistrado o huwes ng karahasan sa tahanan batay sa nilabanang katibayan. Ang mga ito ay pawang mga kasunduang pinagtibay ng hukuman sa pagitan ng mga partido na kumilos sa ilang tiyak na mga paraan. Ang mga opisyal ay may diskresyon na ireper ang isang taong nagbibigay ng joint undertaking na nasa itaas na kalagayan sa isang independiyenteng eksperto para sa pagtatasa……Para sa mga magkasamang pangako o joint undertaking … inaasahan sa karamihang kaso kung saan ang maayos na ginawang joint undertaking ay isinumite, walang dahilan upang pagdudahan ang bersyon ng mga pangyayaring ipinaliwanag dito. Kailangang magkaroon ng malinaw na dahilan kung bakit pagdududahan ng tagagawa ng desisyon ang isang legal na dokumento kung saan kinikilala ng 'alleged perpetrator' na sila ay kumilos nang marahas laban sa tinatawag na biktima o 'alleged victim' (gayunpaman, posibleng mangyari ito sa hindi-tunay na mga pahayag ng karahasan sa tahanan kung saan, gaya halimbawa, ang sponsor ay napilitang pumasok sa isang pangako o 'undertaking' o naging kasangkot sa hindi tunay na pahayag).

o

(B) 1 deklarasyong naaayon sa batas mula sa aplikante para sa visa at dagdag na 2 mga deklarasyong naaayon sa batas mula sa 'mga taong may-kakayahan' o 'competent people' (tingnan ang 9.4) nagpapatunay na naganap ang 'nauugnay na Karahasan sa Tahanan' o 'nauugnay na Karahasan sa Pamilya';

o

(C) 1 deklarasyong naaayon sa batas mula sa aplikante para sa visa at dagdag na deklarasyong naaayon sa batas mula sa 'taong may-kakayahan' o 'competent person' at dagdag na rekord sa pulisya ukol sa kasong 'assault' na ginawa ng 'alleged perpetrator' sa 'alleged victim'.

Anong form ang gagamitin – Habang walang legal na hinirang na form para gamitin, bukod sa 'statutory declaration' ng Komonwelt ng Australia, inirerekomenda na sa mga deklarasyong naaayon sa batas (statutory declarations) ng mga kaso ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya na gamitin ang *Form 1040* ng Kagawaran ng Imigrasyon, sa dahilang ang form na ito ay nagtataglay ng makatutulong na mga tagubilin na naglalayong matiyak na lahat ng mga nauugnay na mga konsiderasyon ay natugunan ng taong gumagawa ng deklarasyong naaayon sa batas.

9.3 'Naaangkop na Karahasan sa Tahanan'/'Naaangkop na Karahasan sa Pamilya'

Ang kahulugan ng 'nauugnay na karahasan sa tahanan/'nauugnay na karahasan sa pamilya' ay itinakda sa reg 1.23(2)(b) ng *Migration Regulations* at **nauugnay lamang kung saan ang pahayag ukol sa karahasan sa tahanan/pamilya ay binibigyang katibayan sa pamamagitan ng ebidensyang hindi panghukuman** (tingnan ang 9.2 sa itaas).

(Tandaan: Ang mga pahayag na napag-alaman sa hukuman ay umaasa sa mga desisyon ng hukuman na ginawa sa ilalim ng magkaibang batas, hal, ang *Family Law Act 1975*, NSW *Crimes (Domestic and Personal Violence) Act*.)

Para sa lahat ng mga aplikasyon para sa visa na inilagak sa mismong araw o matapos ang ika-15 ng Oktubre 2007, ang pakahulugang naaangkop ay 'nauugnay na karahasan sa pamilya'. Ang mga aplikasyon para sa visa na inilagak bago mag ika-15 ng Oktubre 2007 ay patuloy na tatasahin batay sa pakahulugan ng 'nauugnay na karahasan sa tahanan'.

Nauugnay na Karahasan sa Pmilya (reg 1.23(2) (b))	**Nauugnay na Karahasan sa Tahanan (**reg. 1.23(2) (b))
ang pagbanggit sa nauugnay na karahasan sa pamilya ay ang pagbanggit sa ugali o kilos, kung aktuwal o nagbabanta, sa: (i) tinatawag na biktima o 'alleged victim'; o (ii) isang miyembro ng pamilya ng tinatawag na biktima; o (iii) isang miyembro ng pamilya ng tinatawag na may pananagutan o 'alleged perpetrator'; o (iv) ari-arian ng tinatawag na biktima; o (v) ari-arian ng ng pamilya ng tinatawag na biktima; o (vi) ari-arian ng ng pamilya ng tinatawag na may pananagutan o 'alleged perpetrator'; na nagiging sanhi upang ang tinatawag na biktima na makatwirang* matakot, o makatwirang mag-alala tungkol sa kaniyang sariling kapakanan o kaligtasan.	Ang pagbanggit sa nauugnay na karahasan sa tahanan ay ang pagbanggit sa karahasan laban sa tinatawag na biktima o sa kaniyang ari-arian na nagiging sanhi upang ang tinatawag na biktima, o ang miyembro ng pamilya ng tinatawag na biktima, na magkaroon ng takot, o mag-alala tungkol sa personal na kapakanan o kaligtasan ng tinatawag na biktima.

* ibig sabihin kung ang isang makatwirang tao sa kaparehong kalagayan ay matatakot o mag-aalala tungkol sa kaniyang personal na kapakanan o kaligtasan.

Kabilang sa pangunahing mga pagkakaiba sa pagitan ng bagong pakahulugan (ibig sabihin nauugnay na Karahasan sa Pamilya) at ng luma (ibig sabihin Karahasan sa Tahanan) ang:

- kanino maaaring idirekta ng 'alleged perpetrator' ang kaniyang ugali o kilos
- sino ang natatakot o nag-aalala bilang resulta ng pagkilos ng 'alleged perpetrator'
- kaninong personal na kapakanan at kaligtasan ang ipinag-aalala o ikinatatakot
- ang bagong pangangailangan na ang pag-aalala o takot para sa personal na kapakanan o kaligtasan ay kailangang maging makatwiran; at
- ang katagang "karahasan" ay hindi aktuwal na ginagamit sa pakahulugan ng "karahasan sa pamilya".

Mahalaga:

- nililinaw ang reg 1.21(1) na kabilang sa 'karahasan' ang banta ng karahasan;
- ang ugali o kilos ay hindi kinakailangang nakadirekta sa tinatawag na biktima o 'alleged victim', ngunit ito ay kailangang maging sanhi upang ang tinatawag na biktima ay magkaroon ng makatwirang takot o pag-alala kaugnay ng kanilang sariling kaligtasan at kapakanan;
- hindi kinakailangang nakapaloob sa 'karahasan' ang pisikal na lakas, at maaaring palawigin hanggang sa sikolohikal at emosyonal na pang-aabuso: *Sok v MIMIA [2005] FCAFC 56.*

9.4 Sino ang taong may-kakayahan o tinatawag na 'competent person'?

Ang taong may-kakayahan o tinatawag na 'competent person' ay kailangang mula sa isa o higit pa sa mga sumusunod na mga propesyon/kategorya:

- doktor;
- rehistradong psychologist;
- rehistradong nars;
- social worker (na miyembro ng Australian Association of Social Workers o kinilala bilang karapat-dapat na maging miyembro);
- 'family consultant' sa ilalim ng *Family Law Act 1975*;
- child protection worker (para sa karahasan laban sa mga bata); o
- manedyer or koordineytor ng isang women's refuge o ng serbisyong pangkrisis o pagpapayo para sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Ang isang taong may-kakayahan ay maaari ding isang manggagawa sa loob ng isa sa mga uring ito ng mga serbisyong ibinibigay:
  - ⇒ ang manggagawa ay may mga tungkulin sa paggawa ng desisyon para sa refuge/serbisyong pangkrisis o pagpapayo; at
  - ⇒ na ang serbisyo ay may 'istrukturang kolektibo sa paggawa ng desisyon'; at
  - ⇒ ang posisyon ng manggagawa ay may pananagutan para sa mga usaping may kaugnayan sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa loob ng serbisyong iyon.

Mahalagang tandaan! Ang kategoryang ito ay kinonsidera kamakailan sa Pederal na Hukuman ng Australia sa kasong *MIAC v Pham [2008] FCA 320,* kung saan ipinahayag ng hukuman:

> …ang mga salitang 'manedyer o koordineytor ng' women's refuge o ng hinirang na serbisyong pangkrisis at pagpapayo [kinakailangan] na ang taong may-kakayahan o 'competent person' ay kailangang humawak ng posisyong pang-management kaugnay ng pangkalahatang pagpapatakbo o direksyon ng women's refuge o serbisyong pangkrisis at pagpapayo bilang isang institusyon.

9.5 Ano ang nararapat na kabilang sa mga deklarasyong naaayon sa batas

9.5.1 Deklarasyong naayon sa batas na ginawa ng aplikante para sa visa

Ang deklarasyong naaayon sa batas na ito ay kailangang gawin ng aplikante para sa visa na asawa o interdependent partner ng 'alleged perpetrator' (kung sila man o hindi ang taong tinukoy bilang 'alleged victim'). Ang mga pangangailangan para sa deklarasyong naayon sa batas na ginawa ng aplikante para sa visa ay nagkakaiba, depende kung sino ang tinukoy bilang 'alleged victim' ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

- ***Kung ang asawa o interdependent partner ang 'alleged victim' ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya*****,** ang deklarasyong naaayon sa batas (statutory declaration) ay kailangang:
  - ⇒ magtakda ng alegasyon ng nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya (kabilang ang naging epekto nito sa tinatawag na biktima o 'alleged victim'); at

⇒ tukuyin ang pangalan ng taong sinasabing gumawa ng nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya; at

⇒ kung ang kilos o gawi ay hindi nakadirekta sa sinasabing biktima o 'alleged victim' (ang gumagawa ng deklarasyong naaayon sa batas, sa kasong ito), gayundin tukuyin ang pangalan ng tao kung kanino nakadirekta ang ugali o asal, at tukuyin ang relasyon sa pagitan ng gumagawa ng deklarasyong naaayon sa batas at ng taong pinagdirektahan ng ugali o kilos.

- ***Kung ang asawa o interdependent partner ay hindi ang tinatawag na biktima o 'alleged victim'***, ang asawa o interdependent partner ay kailangan pa ring magkumpleto ng deklarasyong naaayon sa batas na kailangang:
  - ⇒ Magtukoy ng pangalan ng taong pinagdirektahan ng ugali o kilos (hal kung:
    - o si Maria ang asawang may hawak na visa; at
    - o si Bob ay ang kaniyang 10 gulang na anak mula sa unang relasyon; at
    - o ang ugali o kilos ay ginawa ng nag-iisponsor na asawa ni Maria kay Bob, si Bob ay kailangang tukuyin;
  - ⇒ tukuyin ang relasyon sa pagitan ng tinatawag na biktima o 'alleged victim' at ng taong pinagdirektahan ng ugali o kilos (hal sa paggamit ng halimbawa sa itaas, ang deklarasyong naaayon sa batas ni Maria ay magsasaad ng mga salitang tulad ng 'Si Bob ay aking bayolohikal na anak mula sa unang relasyon, at ang tinatawag na biktima o alleged victim');
  - ⇒ tukuyin ang relasyon sa pagitan ng gumagawa ng deklarasyong naaayon sa batas (ibig sabihin asawa/interdependent partner) at ng taong pinagdirektahan ng ugali o kilos (hal, sa paggamit ng halimbawa sa itaas, ang deklarasyong naaayong sa batas ni Maria ay magsasaad ng 'mga salitang katulad ng 'Si Bob ay aking bayolohikal na anak mula sa unang relasyon'; at
  - ⇒ ilatag ang katibayan kung saan nakabatay ang alegasyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

9.5.2 Deklarasyong naaayon sa batas (Statutory declaration) na ginawa ng isang taong may-kakayahan o 'competent person'

Kung ang isang aplikante ay nagbibigay ng dalawang 'statutory declaration' mula sa mga taong may-kakayahan o 'competent people', ang bawat statutory declaration ay kailangang manggaling mula sa magkaibang uri ng taong may-kakayahan. Gaya halimbawa, hindi katanggap-tanggap para sa dalawang manggagawa mula sa refuge na magbigay ng dalawang statutory declaration, ngunit posibleng tanggapin ang isa mula sa isang refuge worker at isa mula sa isang nars.

Kailangang nasa statutory declaration ng isang taong may-kakayahan o 'competent person' ang:

- opinyon ng isang taong may-kakayahan o 'competent person' na ang 'alleged victim' ay dumanas ng 'Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya'; at
- batayan para sa opinyong iyon (hal. ang taong may-kakayahan o 'competent person' ay maaaring magbigay ng halimbawa ng mga pagkakataon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya na inilarawan ng biktima sa kanila; ang sikolohikal, pisikal o emosyonal na kalagayan ng biktima at kung ito ay kasang-ayon sa reaksyon ng mga biktima ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya; ang karanasan ng taong may-kakayahan sa ibang mga biktima ng 'Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya'; at
- pangalan ng biktima; at
- pangalan ng may pananagutan o perpetrator; at
- kung ang pagkilos ng 'alleged perpetrator' ay hindi partikular na nakadirekta sa 'alleged victim' (hal. ito ay nakadirekta sa miyembro ng pamilya):
  - ⇒ pangalan ng tao kung kanino nakatuon ang ugali ng perpetrator; at
  - ⇒ isulat ang kalagayan ng relasyon sa pagitan ng 'alleged victim' at ng taong pinagtutuunan ng ugali.

Ang taong may-kakayahan o 'competent person' ay kailangan ding magbigay ng batayan kung saan sila ay may-kakayahan upang gumawa ng deklarasyong naaayon sa batas (statutory declaration).

Magandang kagawian para sa taong may-kakayahan na maglakip ng pinagtibay na kopya ng kanilang kwalipikasyon bilang katibayan ng kanilang pagiging may-kakayahan.

9.6 Statutory Declaration Form (*Form 1040*)

Ang *Form 1040* ay isang form ng Kagawaran na maaaring makuha mula sa website na: <www.immi.gov.au> na maaaring gamitin ng aplikante at ng taong may kakayahan para sa paggawa ng kanilang mga deklarasyong naayon sa batas (statutory declarations). Ang form na ito ay hindi itinakda sa batas, at hindi kinakailangang gamitin. Gayunpaman, makatutulong ang paggamit nito sa dahilang binibigyan nito ng gabay ang taong gumagawa ng deklarasyon sa pamamagitan ng pagtugon sa mga nauugnay na usapin.

9.7 Rekord ng Pulisya ukol sa kaso ng 'assault'

Kung ang isang kaso ng 'assault' ay naireport sa pulisya, ang rekord ng pulisya ay maaaring maging kapalit ng isa sa mga deklarasyong naaayon sa batas. Ang pahayag ng biktima sa pulisya ay hindi maaaring gamitin bilang rekord ng pulisya para sa mga layunin ng mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

10. Kung napatunayan ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya

Kung ang Kagawaran ay nakumbinsi na naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya, at ang aplikante ay tumutugon sa mga pangangailangan kabilang ang kalusugan, pagkatao at iba pang pamantayan ng pampublikong interes, ang aplikante ay pagkakalooban ng permanent visa.

11. Kung hindi napatunayan ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya

Habang kinakailangang tanggapin ng Ministro ang ebidensya ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya na napag-alaman sa hukuman o tinatawag na 'judicially determined' bilang kasiya-siyang katibayan na naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya, hindi kinakailangang tanggapin ng Ministro ang ebidensyang hindi napag-alaman sa hukuman o tinatawag na 'non- judicially determined' (hal mga deklarasyong naaayon sa batas (statutory declarations), magkasamang pangako o tinatawag na 'joint undertaking' o mga rekord ng pulisya) bilang kapani-paniwalang katibayan na naganap ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

Kung ang Ministro ay hindi nakumbinsi na ang ibinigay na katibayan ay sapat na nagpapakita na ang Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay naganap, ang usapin ay kailangang isangguni para sa independiyenteng pagtatasa – ito ay kasalukuyang isinasagawa ng Centrelink.

Alanganing mga Kaso

Sa pagtatasa kung naganap o hindi ang Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya at kung mayroon o walang katiyakan ang mga alegasyon, isasaalang-alang ng Kagawaran ang mga sumusunod:

- kung ang impormasyon sa mga deklarasyong naayon batas ay hindi maliwanag o hindi tiyak;
- kung may anumang magkasalungat na katibayan, katulad ng:
  - ⇒ natiwalag o natalong mga kaso sa hukuman;
  - ⇒ magkasalungat na mga pahayag sa loob o sa pagitan ng mga deklarasyong naaayon sa batas;
  - ⇒ magkasalungat na mga impormasyon na dating ibinigay o ng mga pangatlong partido;

- ang tagal ng panahon ng relasyon ng mga partido;
- ang tagal ng panahon matapos ang alegasyon ng karahasan bago maglagak ng pahayag ang aplikante ukol sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya;
- kung ang impormasyon sa mga pahayag ay sapat na detalyado o lumilitaw na kulang sa detalye;
- kung ang sponsor ay may mga kautusang panghukuman laban sa aplikante para sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya.

Ipinahihiwatig sa patakarang Pangkagawaran na isinasaalang-alang ng Kagawaran na makatwirang ireper para sa independiyenteng pagtatasa ang pahayag na hindi napag-alaman sa hukuman ukol sa Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya na ginawa ng isang lalaki, maliban na lamang kung may 'malakas na katibayan' na tunay ang pahayag.

Upang hadlangan ang anumang pagdududang mayroon ang tagagawa ng desisyon, makatutulong na magbigay ng karagdagang katibayan na sumusuporta sa mga pahayag, kabilang ang medikal o sikolohikal na mga ulat.

12. Independiyenteng pagtatasa ng 'nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya'

Sa ilalim ng reg 1.23(1B)(b) ng Migration Regulations, kung ang Ministro ay hindi nakumbinsi na naganap ang angkop na Karahasan sa Tahanan/Pamilya, ang tanong ay dapat ireper sa isang angkop na kwalipikadong 'independiyenteng eksperto' (sa kasalukuyan ang Centrelink).

Kung ang isang kaso ay inireper sa Centrelink ang aplikante ay aabisuhan. Ang lahat ng may kaugnayang impormasyon na ibinigay sa Kagawaran ay ipapasa sa Centrelink upang tumulong sa kanila na gumawa ng pagtatasa. Ang anumang karagdagang impormasyong kinakailangan ng Centrelink ay direktang isasaayos sa pagitan ng Centrelink at ng aplikante para sa visa.

Ang pagtatasang ginagawa ng Centrelink ay may kaugnayan lamang sa tanong na kung naganap ba o hindi ang Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Ang napag-alaman ng Centrelink ay pinal at may bisa. Kung gayon, kung napag-alaman ng Centrelink na ang Nauugnay na Karahasan sa Tahanan/Pamilya ay hindi naganap kailangang tanggapin ng case officer ang desisyong ito.

13. Saan makakuha ng tulong?

MAHALAGA

Ang mga biktima ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya na hindi mga permanenteng residente ay dapat kumontak sa Kagawaran sa lalong madaling panahon upang ibunyag ang kanilang nagbagong mga kalagayan (kabilang ang pagtatapos ng relasyon, pagbabago ng tirahan at pagkakaroon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya, mga anak atbp). Ang susunod na hakbang ay ang paghingi ng payong pang-imigrasyon at pangkalahatang payong pambatas. Sa lahat ng panahon, ang kaligtasan ang pinakamahalaga. Ang mga detalye ng pagkontak sa ibaba ay naglalayong matukoy ang pinakamahalagang mga serbisyo para sa mga sitwasyon ng Karahasan sa

Tahanan/Pamilya na may mga implikasyon sa imigrasyon. Marami (ngunit hindi lahat) sa mga serbisyong nakalista sa iba ang nagbibigay-serbisyo lamang sa NSW. Para sa mga serbisyong pambatas sa labas ng NSW, kumontak sa Pambansang Asosasyon ng Pangkomunidad na mga Sentrong Pambatas (National Association of Community Legal Centres) sa (02) 9264 9595, o sa iyong pinakamalapit na Komisyon ng Tulong Pambatas (Legal Aid Commission).

13.1 Kaligtasan/bahay kanlungan/tulong panglengguwahe

Mga Serbisyong Pangkagipitan

Pulis, Ambulansiya, Bumbero
Telepono: **000**

Panuluyan at Bahay Kanlungan (Shelter/Refuge)

Tumawag sa **Domestic Violence line** sa **1800 656 463**. Maaari nila ka nilang ikonekta sa pinakaangkop na bahay kanlungan (refuge) para sa iyong kalagayan na mayroong bakante at mga outreach worker na magbibigay sa iyo ng payo at suporta.

Tulong Panglengguwahe

Serbisyo para sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete
13 14 50 – Kung ikaw ay hindi gaanong nakakapagsalita ng wikang Ingles at nais mong makipag-usap sa isang tagapayo, tawagan ang Serbisyo para sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete at hilingin sa kanila na ikonekta ka sa kaugnay na serbisyo para sa iyo.

13.2 Libreng tulong ukol sa batas pang-imigrasyon kaugnay sa Karahasan sa Tahanan/Pamilya

Immigration Advice and Rights Centre Inc.
Level 5, 362 Kent Street, Sydney
Telepono: **02 9262 3833** (linya ng pagpapayo– Martes at Huwebes 2-4n.h.)
02 9279 4300 (linyang pang-administrasyon)
Website: www.iarc.asn.au

Payo at tulong kaugnay ng malawak na hanay ng mga usaping nauukol sa Imigrasyon sa Australia, Pagkamamamayan at Batas Pang-refugee, kabilang ang Karahasan sa Tahanan/Pamilya. Nagbibigay ng libreng pagpapayo sa telepono at maaaring magbigay ng representasyon sa ilang mga kaso.

Legal Aid NSW
Head Office, Ground Floor
323 Castlereagh Street
SYDNEY NSW 2000
Tel: (02) **9219 5000** (para sa seksyon ng batas pang-imigrasyon)
Fax: (02) **9219 5935**
TTY: (02) **9219 5126**

Nagbibigay ng libreng pagpapayo at representasyon.

Immigrant Women's Speakout
Telepono: **02 9635 8022**

Nagbibigay ng pagpapayo at tulong sa migrateng kababaihan na nagnanais na humingi ng tulong ukol sa mga probisyon ng Karahasan sa Tahanan/Pamilya sa batas pang-imigrasyon ng Australia.

13.3 Pangkalahatang tulong pambatas (ibig sabihin, mga isyung pambatas na hindi nauukol sa imigrasyon)

Serbisyong Pagtataguyod ukol sa Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence Advocacy Service)
Linyang Pagpapayo sa Sydney: **(02) 8745 6999**
Libreng Tawag sa Kanayunan: **1800 810 784**
TTY para sa mga babaeng may kapansanan sa pandinig : **1800 626 267**

Ang mga Linya para sa Pagpapayo ay bukas tuwing:
9.30n.u. - 12.30n.h. at
1.30n.h. - 4.30n.h. Lunes, Martes, Huwebes at Biyernes.

Ang mga babaeng nangangailangan ng interpreter ay maaaring kumontak sa Telephone Interpreter Service sa 131 450 at magsabi sa interpreter na kontakin ang serbisyo sa (02) 9749 7700. Ikokonekta ka nila sa isang abugado para sa payong pambatas.

Pangkalahatang Komunidad na mga Sentrong Pambatas
Upang alamin ang iyong pinakamalapit sa pangkomunidad na sentrong pambatas, tawagan ang National Association of Community Legal Centres sa **(02) 9264 9595**, o tunghayan ang Community Legal Centres directory online sa www.naclc.org.au

LawAccess NSW
Tawagan ang linya para sa tulong pambatas sa **1300 888 529**

Legal Aid NSW
Tingnan ang 13.2 sa itaas

13.4 Mga Pambansang Linyang Pantulong

Mensline Australia
Telepono: 1300 78 99 78 – Ang Mensline Australia ay sumusuporta sa mga kalalakihang nahaharap sa mga problemang pampamilya at relasyon, kabilang ang mga kalalakihang nagnanais na harapin ang kanilang mga gawi na nagbubunga ng negatibong epekto sa kanilang relasyon. Ang Mensline Australia ay nagbibigay ng walang pagkakakilanlang suporta sa telepono, impormasyon and reperal para sa mga kalalakihan at mga taong nag-aalala para sa kapakanan ng mga kalalkihan sa kanilang buhay, sa kabuuang bansa, 24 na oras bawat araw, para lamang sa halaga ng lokal na tawag.

Pambansang Linyang pantulong ukol sa Karahasan sa Tahanan at Seksuwal na Pang-aabuso (National Domestic Violence and Sexual Assault Helpline)
1800 200 526 - Ang libreng hotline ay maaaring matawagan 24 oras at nagtitiyak ng isang kompidensyal na pakikipagtalakayan sa isang may kasanayang tagapagpayo para sa sinumang dumaranas ng karahasan.

LifeLine
13 11 14
www.lifeline.org.au

Kids Help Line
1800 551 800 – Para sa mga bata, ang 24 na oras na libreng Kids Help Line ay maaaring mas pipiliin.
www.kidshelp.com.au

Mga Relasyon sa Australia (Relationships Australia)
1300 364 277 – Ang Relationships Australia ay nakapagbibigay na ng pagpapayo, pamamagitan at iba pang mga serbisyo sa kabuuang Australia sa mahigit na 50 taon. Ang mga ito ay walang pinapanigan, hindi nagpapatubo at organisasyong nakabase sa komunidad.

13.5 Mga Kagawaran ng Pamahalaan

Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan - ang mga aplikante para sa visa ay dapat kumontak sa case officer na nakasulat sa kanilang huling sulat mula sa Kagawaran. O kaya, tumawag sa **131 881,** o bumisita sa iyong pinakamalapit na tanggapan ng Kagawaran (ang mga kinaroroonan nito ay nakalista sa webiste ng Kagawaran: www.immi.gov.au)

Centrelink – (para sa pagtatanong ukol sa kabayarang pangkagipitan, tumawag sa: **131 021**)

Kagawaran ng Mga Pamilya, Pabahay, Mga Serbisyong Pangkomunidad at Mga Kapakanang Pangkatutubo (Department of Families, Housing, Community Services and Indigenous Affairs) - (Libreng Linyangpantulong: **1800 200 526**)

Immigration Advice and Rights Centre Inc.

ABN: 45 808 320 822
Community Legal Centre, established in 1986

Level 5, 362 Kent Street Sydney NSW 2000
Ph: +61 2 9279 4300 (Admin Line, 9-5pm)
+61 2 9262 3833 (Advice Line, Tues & Thurs 2-4pm)
Fax: +61 2 9299 8467
Email: iarc@iarc.asn.au
Web: www.iarc.asn.au

Nobyembre 2009 Bagong Impormasyon

Estadistika/Maikling Pagtatasa

Ayon sa 2008-9 na Taunang Ulat ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan ('Kagawaran') ipinapakita ng estadistikang may kaugnayan sa mga kahilingang batay sa Karahasan sa Tahanan/ Pamilya para sa taong iyon na:

- May 708 mga pahayag may kaugnayan sa Karahasan sa Tahanan/ Pamilya ay ginawa sa kabuuang bansa (sa konteksto ng imigrasyon).
- Sa petsang 30 Hunyo 2009 may 98 mga reperal sa Centrelink (para sa independiyenteng pagtatasa ng mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/ Pamilya mula sa DIAC, na kumakatawan sa antas na mababa sa 15 porsiyento ng kabuuang bilang ng ginawang mga pahayag ukol sa Karahasan sa Tahanan/ Pamilya.
- Sa 82 mga reperal na natapos ng Centrelink hanggang sa 30 Hunyo 2009, napag-alaman sa 45 kaso na may naganap Karahasan sa Tahanan/ Pamilya, at napag-alaman sa 37 kaso na walang naganap na Karahasan sa Tahanan/Pamilya.
- Sa karagdagang 30 mga reperal sa Centrelink ng Migration Review Tribunal, napag-alaman sa 15 kaso na naganap ang Karahasan sa Tahanan/ Pamilya, at napag-alaman sa 9 na kaso na walang naganap na Karahasan sa Tahanan/ Pamilya.

Simula nang ilathala ang Buklet na ito noong Enero 2009 nagkaroon ng ilang mahalagang mga pagbabago sa batas ng imigrasyon sa Australia. Kailangang malaman ng mga gumagamit ng Buklet na ito na ang sumusunod na impormasyon ay hindi ipinapakita sa nakaimprentang bersyon ng Buklet:

1. Mula unang araw ng Hulyo 2009 ang mga magkapartner na may parehong kasarian ay kinikilala bilang mga magkapartner na de facto na katulad din ng mga magkapartner na hindi pareho ang kasarian – dahil dito ay inabolisa ang mga Subclass 110, 310, 814 at 826 Interdependency visa. Kung gayon ang isang aplikante para sa isang relasyon ng parehong kasarian ay mag-aaplay para sa Subclass 820/801 o 309/100 visa sa parehong paraan (na tutugunan ang parehong pamantayan) na katulad ng anumang relasyong de facto.

2. Mula unang araw ng Hulyo 2009 ang lahat ng mga "Spouse" visa ay tinatawag na ngayong mga "Partner" visa.

3. Mula ika-9 ng Nobyembre 2009 may bagong pamantayang pambatas na nagpapatuloy ang relasyon ng magkapartner sa panahong naganap ang DV/FV.

4. Mula ika-9 ng Nobyembre 2009 muling binago ang mga probisyong pambatas upang ang ilang mga pagtutukoy sa partikular na mga numero ng regulasyon na maaring hindi wasto, bagamat hindi nagbago ang epekto ng mga probisyon (hal ang kahulugan ng "may-kaugnayang karahasan sa pamilya" ay inilipat mula Reg 1.23 sa Reg 1.21 ngunit pareho pa rin ang kahulugan).